

MALACAÑANG PALACE
Manila

MESSAGE



I congratulate the **Manila Economic and Cultural Office (MECO)** for the production of this publication, **“Gabay para sa OFW.”**

This project is a concrete step in our commitment to protect the interest and welfare of our Overseas Filipino Workers, wherever they may be. While we wish to assure them of our government’s assistance during times of need, we are constantly seeking ways and means to prevent situations inimical to their well-being as they work in foreign lands. It is also our desire that they be

able to expedite the settlement of their affairs in their respective areas of assignment and experience no difficulty in the implementation of their service contracts.

I laud the foresight and will of MECO in seeing through the publication of this primer. I am certain that it will be of great help to our countrymen bound for Taiwan. May it also serve as an effective instrument for better understanding and cooperation between our workers and their employers.

Mabuhay ang manggagawang Filipino!


GLORIA MACAPAGAL-ARROYO

**MANILA ECONOMIC AND CULTURAL
OFFICE—Taipei**

MESSAGE



As Resident Representative and Managing Director of the Manila Economic and Cultural Office (MECO) in Taiwan, it gives me great pleasure to present to you the *Gabay Para Sa Mga OFW*, which is in three languages and officially sanctioned by the Taiwan Council of Labor Affairs.

MECO is our de facto embassy in Taiwan with three different offices in Taipei, Taichung and Kaohsiung. Hand in hand with DOLE and OWWA, we look after the welfare of the 90,000 Overseas Filipino Workers working in Taiwan. Our workers contribute significantly in keeping Taiwan's economy humming and remaining globally competitive.

This undertaking is a concrete step in our commitment to protect the interest and welfare of our Overseas Filipino Workers in Taiwan. While we wish to assure them of our government's assistance during times of need, we are constantly seeking ways and means to prevent situations inimical to their well-being as they work in foreign lands. It is also our desire that they are able to expedite the settlement of their affairs in their respective areas of assignment and experience no difficulty in the implementation of their service contracts.

Ang pagtrabaho sa bansang may ibang kultura at wika ay madalas pinagmumulang ng pagaalala at pangamba ng mga Overseas Filipino.

Ito ang nagbunsod sa Manila Economic and Cultural Office (MECO) na simulan ang isang kampanya sa pagpapalaganap ng impormasyon upang mapangalagaan at mapabuti ang buhay ng mga Filipino na nagtrabaho sa Taiwan sa pamamagitan ng paglathala ng Gabay Para Sa OFW.

Ang Gabay na ito ay naglalaman ng maikling paliwanag tungkol sa mga batas, regulasyon at iba pang impormasyon na dapat malaman at maunawaan ng mga OFWs kaugnay sa kanilang karapatan at tungkulin bilang manggagawa sa Taiwan.

Among the things we will jointly working on with the other agencies would be the POST-DEPARTURE Orientation Seminars in Taiwan. This will enable our workers to cope up with the new situation after their arrival in Taiwan. We are looking at how we can further enhance the benefits of our OFWs and that of their beneficiaries. All these will lead to a partnership that will ensure our workers' stay in Taiwan to be more fruitful, trouble free and enjoyable. MECO looks forward to working together with our modern day heroes, DOLE, POEA, OWWA and our private sector partners in achieving this goal.

MABUHAY ANG MANGGAGAWANG
FILIPINO!

MARAMING SALAMAT PO!

WELCOME TO TAIWAN!


ANTONIO I. BASILIO

GABAY PARA SA OFW
(PRIMER FOR OFW)
3rd Edition, February 2006

Personal Data:

Name: _____

Sex: _____ Date of Birth: _____

Passport No.: _____

Company/Employer's Name: _____

Address: _____

Tel. No.: _____

Broker's name: _____

Address: _____

Tel. No: _____

In case of emergency, please contact:

Name: _____

Address: _____

Tel. No.: _____

MGA NILALAMAN
TABLE OF CONTENTS

Introduksyon/ <i>Introduction</i>	11
Unang Bahagi/ <i>Part I</i>	
Ang Pagtatrabaho ng mga Dayuhang Manggagawa/ <i>Employment of Foreign Workers</i>	14
Panahon ng Pagtatrabaho/ <i>Duration of Employment</i>	15
Mga Dapat Bayaran sa Pilipinong Recruiter/ <i>Fees Payable to the Philippine Recruiter</i>	16
Mga Dapat Bayaran sa Taiwanese Broker/ <i>Fees Payable to the Taiwanese Broker</i>	16
Mga Responsibilidad ng Taiwanese Broker/ <i>Responsibilities of the Taiwanese Broker</i>	18
Pasahod at Overtime/ <i>Wages and Overtime</i>	19
Oras ng Pagtatrabaho/ <i>Working Hours</i>	20
Araw ng Pahinga/ <i>Rest Day</i>	20
Mga Kapinsalaan o Aksidenteng Kaugnay sa Pagtatrabaho/ <i>Work Related Injuries or Accidents</i>	22
Alitan sa Pagtatrabaho/ <i>Employment Dispute</i>	22
Ang Tungkulin ng mga Manggagawa/ <i>Obligations of Workers</i>	23
Pag-iingat ng Pasaporte ng Manggagawa/ <i>Custody of Worker's Passport</i>	25

Pagkatanggal sa Trabaho/ <i>Termination of Employment</i>	25
Pagtakas/ Sobrang Pamamalagi/ Pagpapalit ng Pangalan <i>Runaway/Overstaying/Change Name</i>	26
Mga Multang Ipinapataw ng Imigrasyon sa Sobrang Pamamalagi sa Taiwan <i>Immigration Penalties Regarding Overstaying in Taiwan</i>	27
Pagmamaltrato/ <i>Maltreatment</i>	27
Pagbabayad ng Buwis/ <i>Tax Payment</i>	28
Isinasauling Buwis/ <i>Income Tax Refund</i>	29
Labor Insurance.....	30
Medical Insurance.....	31
Social Security.....	31
Pagkuha ng Benepisyo sa Pagkamatay ng Kapamilya Sa Pilipinas/ <i>Death Benefit Claim on Family Member Who Died in the Philippines</i>	32

Ikalawang Bahagi/Part II

Ang Dapat Malaman ng Mga Dayuhang Manggagawa sa Taiwan, CLA, July 2004 (ikalawang edisyon) <i>What Foreign Workers in Taiwan Need to Know, CLA, July 2004 (2nd edition)</i>	34
Personal Data.....	36
Pagpoproseso ng employment permit pagkarating sa Taiwan/ <i>Processing of employment permit after arrival</i>	36

Pagpoproseso ng eksaminasyong medical at pagrereport sa mga autoridad pangkalusugan pagkarating sa Taiwan/ <i>Post arrival processing of medical examination and reporting to health authorities</i>	38
Ang mga tuntunin at patakarang kailangang sundin/ <i>The rules and regulations which you need to observe</i>	45
Mga karapatan ng dayuhang manggagawa sa Taiwan <i>Your rights as a worker in Taiwan</i>	52
Makakapamilya kayo: Legal? o Illegal? <i>Your Sensible Choice: Lawful or Unlawful?</i>	59
Iba pang kaugnay na Tuntunin at Patakaran <i>Other Matters Requiring Your Attention and Related Regulations</i>	61
Paghahanap ng Pwedeng Mapagkunan ng Legal Assistance <i>Finding a Channel for Legal Assistance</i>	81
Kapakipakinabang na Paalala Habang Naninirahan sa Taiwan <i>Useful Reminders while Living in Taiwan</i>	83
Kaalaman sa wastong kalusugan at mga payo tungkol sa simpleng pamumuhay <i>Common Sense for Good Health and Tips for Simple Living</i>	86
Mga Pista at mga nirekomenda na pook pasyalan <i>Taiwan Cultural Highlights and</i>	

<i>Recommended Scenic Spots</i>	95
Pag-aaral ng Simpleng Chinese para sa Magaan na Pamumuhay <i>Learning Simple Chinese for Easy Living</i>	108
Apendise <i>Appendix</i>	109

INTRODUKSIYON *INTRODUCTION*

Nagiging dahilan ng pagkabahala at pag-aalala ng ating mga kababayan ang pagtatrabaho sa bansang may ibang kultura at wika. Dahil dito, nagdesisyon ang Manila Economic and Cultural Office (MECO), sa pagtataguyod at kooperasyon ng Council of Labor Affairs (CLA) ng Taiwan na maglimbag ng *“Gabay para sa mga OFW”*. *Working in a foreign land with its different culture and language sometimes cause concerns and worries among our compatriots working there. It is for this reason that the Manila Economic and Cultural Office (MECO), with the support and cooperation of the Council of Labor Affairs (CLA) of Taiwan, decided to publish the “Gabay for OFW.”*

Naglalaman ang *Gabay* ng mga piling batas at alituntunin at iba pang impormasyon na dapat maunawaan ng mga OFW kaugnay ng kanilang tungkulin at responsibilidad bilang dayuhang manggagawa sa Taiwan. Ang prinsipal na bahagi ng *Gabay* ay nagmula sa booklet na *“Ang Dapat Maunawaan ng mga Dayuhang Manggagawa sa Taiwan”* na inilimbag ng CLA. *The Gabay contains materials on selected laws and regulations as well as other information that our OFW’s have to know and*

understand with respect to their duties and responsibilities as foreign workers in Taiwan. The highlight of the Gabay is the reprint of the booklet "What Foreign Workers In Taiwan Need To Know" published by the CLA.

Sa kapahintulutan ng CLA, muling inilimbag ng MECO ang buong booklet na may kasama nang salin sa wikang Filipino, bukod pa sa nasa wikang Ingles at Mandarin na nakapaloob sa orihinal na publikasyon ng CLA. Bagamat halos nasakop na ng booklet ng CLA ang mga dapat malaman ng mga Pilipinong manggagagawa sa Taiwan, nais pa rin ng MECO at ng Philippine Labor Center sa Taipei na bigyang diin ang ilang bagay na maaaring nakaligtaan o hindi nabigyan ng sapat na paliwanag sa booklet ng CLA. *With the permission of CLA, MECO is reprinting the booklet not only its entirety but also with an addition of a Pilipino text to the English and Mandarin texts already existing in the original CLA publication. Although the CLA booklet by itself covers almost all areas of concern and interest to Filipino workers in Taiwan, MECO and the Philippine Labor Center in Taipei also would like to highlight certain matters which may have been omitted or have not been adequately highlighted in the CLA booklet.*

Kung mayroon pa kayong mga katanungan o

paglilinaw na sa inyong palagay ay nakaligtaan o hindi lubos na napagtuunan ng pansin sa *Gabay*, maaari kayong makipag-ugnayan sa MECO o Philippine Labor Office na pinakamalapit sa inyo. Nakalagay sa likod ng *Gabay* na ito ang mga e-mail address at telepono ng aming opisina. *Still, if you have further questions or concerns which may have been overlooked or have not been adequately addressed in our Gabay, you can get in touch with our MECO or Philippine Labor Office nearest to you for assistance. Our office and e-mail addresses and contact numbers are printed at the back of this Gabay.*

-MECO BOARD OF DIRECTORS

TOMAS I. ALCANTARA

Chairman & Chief Executive Officer

ANTONIO I. BASILIO

Resident Representative & Managing Director

MA. ISABEL O. GOLAMCO

*Chief Finance Officer & Director for
Administration and Information Services*

OSCAR C. DE VENECIA

Director for North Luzon-Taiwan Growth Initiatives

GEN. EDGARDO V. ESPINOSA (Ret.)

Director for Central and Southern Luzon Concerns

Unang Bahagi Part I
Ang Pagtatrabaho ng mga Dayuhang Mang-
gagawa *Employment of Foreign Workers*

Alinsunod sa itinatakda ng Labor Standards Law ng Taiwan, ang **Council of Labor Affairs (CLA)** ng Executive Yuan ang direktang mamamahala sa pagtatrabaho ng mga dayuhang manggagawa sa isang sambahayan, pabrika, konstruksiyon at iba pang lokal na industriya. ang mga domestic helper at caretaker ay sakop naman ng mga probisyon ng kontrata sa paggawa na kanilang pinirmahan. *In accordance with the Labor Standards Law of Taiwan, the Council of Labor Affairs (CLA) of the Executive Yuan has direct supervision over the employment of foreign laborers in households, factories, construction and other local industries. Domestic helpers and caretakers are bound by the provisions of the employment contract they had signed.*

Ang **Ministry of Economic Affairs (MOEA)** ang mamamahala sa kapakanan at pagkuha ng work permit para sa mga skilled workers; ang **Ministry of Transportation and Communication (MOTC)** para sa mga manggagawa sa hotel; ang **Council of Agriculture (MOA)** para sa mga mangingisda at ang **Ministry of Education (MOE)** para sa mga entertainer tulad ng artista, mang-aawit, at

mananayaw. *The Ministry of Economic Affairs (MOEA) oversees the welfare and manages the procurement of work permits for foreign skilled workers; the Ministry of Transportation and Communication (MOTC) for hotel workers; the Council of Agriculture for fishermen; and, the Ministry of Education for Entertainers including actors, singers and dancers.*

Panahon ng Pagtatrabaho

Duration of Employment

Base sa inamyendahan na Employment Service Act ng Taiwan, maaari nang magtrabaho ng maximum na anim na taon ang lahat ng dayuhang manggagawa sa Taiwan. Matapos ang unang tatlong taong kontrata, maaring bumalik at magtrabahong muli ang dayuhang manggagawa ng panibagong tatlong taon kung: *Based on amendments to Taiwan's Employment Service Act, all foreign workers are allowed to work in Taiwan for a maximum of six years. After finishing the first contract of three years, the foreign worker is eligible to return to work in Taiwan for another three years provided that:*

1. Wala siyang nilabag na batas ng Taiwan sa unang panahon ng pagtatrabaho; *A foreign worker has not violated any Taiwanese law during his previous employment;*

2. Natapos na niya ang unang kontrata ng pagtatrabaho *A foreign worker left Taiwan due to the termination of his previous employment or expiration of his previous employment contract; and*
3. Napatunayang may kakayahang magtrabaho matapos siyang mapauwi at magpagamot bunsod ng kadahilanang medikal. *A foreign worker who was sent home for medical reasons can return to Taiwan after undergoing medical treatment and is declared medically fit.*

Mga Dapat Bayaran sa Pilipinong Recruiter
Fees Payable to the Philippine Recruiter

Batay sa POEA Memorandum Circular No. 19, Series 2001, hindi dapat lumampas sa isang buwang sahod ng manggagawa ang placement fee na babayaran niya sa Philippine recruiter bukod pa sa aktuwal na halaga ng dokumentasyon. *Under POEA Memorandum Circular No. 19, Series 2001, the placement fee payable to the Philippine recruiter should not exceed the equivalent of one month salary exclusive of actual cost of documentation.*

Mga Dapat Bayaran sa Taiwanese Broker
Fees Payable to the Taiwanese Broker

Sa ilalim ng alituntunin ng CLA na nagkabisa

noong Nob. 9, 2001, walang bayad na maaaring kolektahin ang isang broker sa mga dayuhang manggagawa. Ang maaari lamang ibayad sa mga broker ay nasa anyo ng serbisyo, bayad sa handling at transportasyon ayon sa mga sumusunod na halaga: *Under CLA regulations that took effect on November 9, 2001, no broker fees can be collected from foreign workers. Fees that can be paid to brokers should be in the form of service, handling and transportation fees in the following amounts:*

1st year-NT\$1,800/month

2nd year-NT\$1,700/month

3rd year-NT\$1,500/month

Wala pang naitatakdang halaga ang CLA para sa ikaapat hanggang ikaanim na taon ngunit iminumungkahi naman na mangolekta ng NT\$1,500/buwan para sa serbisyo, handling at transportasyon, babalik man siya sa dating employer o magtatrabaho sa bagong employer. *The CLA has not issued a fee schedule for the 4th to 6th years but is recommending that NT\$1,500/month be collected in the form of service, handling and transportation fees whether the worker is returning to the same employer or will work for a new one.*

Mga Responsibilidad ng Taiwanese Broker
Responsibilities of the Taiwanese Broker

Kasama sa mga serbisyong dapat ipagkaloob ng broker na Taiwanese sa mga Pilipinong manggagawa ang mga sumusunod: *The Taiwanese broker must provide services to the Filipino worker that shall include the following:*

1. Paghatid at pagsundo sa airport *Airport pick-up and departure assistance*
2. Transportasyon at pagkain tuwing may eksaminasyong medical *Transportation and food during medical check-ups*
3. Pagkain at matitirahan sakaling ilipat ang manggagawa sa bagong employer *Food and shelter to the worker in case of transfer to new employer*
4. Pagkuha ng Alien Registration Card *Securing of Alien Registration Card*
5. On-site na oryentasyon *On-site orientation*
6. Pagtulong sa manggagawa sakaling mapauwi *Assistance in repatriation of worker under whatever circumstances*
7. Pagtulong sa pakikipag-ugnayan/pakikipag-ayos ng manggagawa at employer kapag nagkaroon ng alitan batay sa pamamaraan ng pakikipagkasundo ng MECO-CLA *Assistance in the mediation conciliation of disputes between worker and*

employer in accordance with the MECO-CLA agreement on conciliation procedures.

8. Pagtulong sa pag-file ng mga impormasyon/dokumento/kaso sa kinauukulang ahensiya sa Taiwan tulad ng tax bureau, polisya, labor bureau, atbp. *Assistance in the filing of information/documents/cases with concerned Taiwanese agencies such as tax bureau, police, labor bureau, etc.*

9. Kung kinakailangan, pagtulong sa manggagawa sa pakikipagtransaksyon sa bangko at pagpapadala ng pera sa pamilya. *Assistance in banking and remittance, if necessary*

Kailangang tiyakin ng broker na Taiwanese sa lahat ng pagkakataon ang kaligtasan ng manggagawa at pagkuha ng lahat ng benepisyong nakalaan para sa manggagawa o sa benepisyaryo nito sa pinakamaikling posibleng panahon. *In all cases, the Taiwanese broker shall insure the safety of the worker and that the benefits due to the worker or his/her beneficiaries are made available at the shortest time possible.*

Pasahod at Overtime *Wages and Overtime*

Nararapat na mas mataas sa minimum rate and sahod na mapagkakasunduan ng employer at manggagawa. Dapat ding batay sa isinasaad ng Labor Standards Law ang bayad sa overtime ng

mga manggagawa. *Wages, as agreed upon by both the employer and the employee, should be above the minimum rate. Overtime pay is made in accordance with the rate stipulated in the Labor Standards Law.*

Oras ng pagtatrabaho *Working Hours*

Tinitiyak ang oras ng paggawa ng kontratang kapwa pinirmahan ng employer at manggagawa. Para sa mga institusyon na sakop ng Labor Standards Law, hindi dapat lumampas sa 8 oras ang regular na oras ng paggawa sa loob ng isang araw. Hindi rin dapat lumampas sa kabuuang 84 oras ang oras ng paggawa sa loob ng dalawang linggo. Kailangang maiayon ang overtime sa itinatakda ng mga kasalukuyang batas sa paggawa sa Taiwan. *Working hours shall be determined by the contract signed by both the employer and the worker. For institutions covered by the Labor Standards Law, the regular working hours per day must not exceed 8 hours. The total number of working hours for two weeks should not exceed 84 hours. Overtime must be handled in accordance with existing Taiwan labor laws.*

Araw ng Pahinga *Rest Day*

Ibabase sa kontratang napirmahan kapwa ng employer at manggagawa ang mga araw ng

pahinga at bakasyon. Para sa mga institusyong nasasakop ng Labor Standards Law, kailangang magkaroon ng 1 araw na pahinga pagkatapos ng isang linggong pagtatrabaho. Hindi nito sakop ang mga special holiday. Subalit kung kinakailangang magtrabaho dulot ng hindi inaasahang mga pagkakataon, maaaring isuspinde ang naitakdang holiday at leave sa probisyon ng Labor Standards Law. Doble rin ang bayad sa trabaho sa panahong ito at ang holiday at leave ay maaaring ibigay sa ibang pagkakataon. Para naman sa mga nakapagtrabaho o nakapagsilbi na ng isang taon, maaari silang makakuha ng 7 araw na bakasyon. *Rest day and vacation shall be based on the contract signed by both employer and worker. For institutions covered by the Labor Standards Law, workers are entitled to 1 rest day a week. This does not include official holidays. However, holidays or leaves stipulated by the provisions of the Labor Standards Law may be suspended when it is necessary to continue work due to unforeseen occurrences like natural disasters. The remuneration for work done during this period is paid at a double rate and the holiday or leave is granted at a later date. After one year of work for the same employer, workers are entitled to 7 days of special leave.*

Mga Kapinsalaan o Aksidenteng Kaugnay sa Pagtatrabaho *Work Related Injuries or Accidents*

Kung nagkaroon ng aksidente sa panahon ng pagtatrabaho na humantong sa pagkakasakit, kapinsalaan, pagkainutil o kamatayan, dapat sagutin ng employer ang lahat ng gastos para dito. Dapat ding bigyan ng leave ang mga manggagawang biktima ng karamdamang dulot ng trabaho, sa panahong nagpapagamot sila. *If an accident occurs during work hours and subsequently results in sickness, injury, disability or death, the employer must shoulder expenses incurred. Workers who are victims of occupational diseases shall be given sick leave during the treatment period.*

Alitan sa Pagtatrabaho *Employment Dispute*

Inaayos ang mga alitan sa paggawa ng mga dayuhang manggagawa alinsunod sa probisyon ng Labor Dispute Law. Maaaring magreport ang mga dayuhang manggagawa na nagkaroon ng problema sa kanilang employer sa alinman sa mga sumusunod na tanggapan: *Labor disputes involving foreign workers are settled in accordance with the provisions of the Labor Dispute Law. Foreign workers who experience problems with their employer can report to any of the following:*

1. Local Labor Office (hinihingi ang pormal na liham para sa pagsasaayos ng alitan ng employer at manggagawa) *Local Labor Office (requires a formal letter request or complaint)*
2. Ang Council of Labor Affairs *The Council of Labor Affairs*
3. MECO Labor Center na nagsasaayos ng alitan sa pagitan ng employer at manggagawa. *MECO Labor Center which conciliates disputes involving employer-employee relations*

Ang Tungkulin ng mga Manggagawa
Obligations of Workers

Inaasahan ang mga dayuhang manggagawa na:
Foreign workers are expected to:

1. Sumunod sa lahat ng patakaran at isagawa ang lahat ng gawaing nakasaad sa kontrata *Obey rules and perform all tasks stated in the contract*
2. Maging masigasig sa pagtatrabaho *Be diligent in the performance of the duties*
3. Maging matapat sa kanilang employer *Be faithful to their employer*
4. Igalang ang confidentiality ng trabaho *Respect the confidentiality of their work*

Hindi pinahihintulutan ang mga dayuhang

mangggawa na: *Foreign workers are not allowed to:*

1. Magtrabaho sa taong hindi nakasaad sa kanyang work permit, liban na lamang kung hindi makatupad sa kontrata ang kasalukuyang employer dala ng pagkalugi o iba pang kadahilanan. Kinakailangan ang permiso mula sa CLA sa ganitong paglipat ng pinagtatrabahuan. *Work for any one else other than the person who officially applied for their work permit, unless the current employer is unable to comply with the provisions of the contract due to bankruptcy or any other reason. Approval is also needed from the CLA for such transfer of employment.*
2. Magsagawa ng hindi pinahihintulatang trabaho *Perform any unauthorized work*
3. Tumangging magpamedikal na eksaminayon sa panahon ng pagtatrabaho *Refuse medical examination during the period of employment*
4. Lumabag sa mga alituntunin ng serbisyo ng paggawa na may kinalaman sa administrasyon ng dayuhang manggagawa *Violate Employment Service regulations governing the authorization and administration of foreign workers*
5. Lumabag sa iba pang batas ng Taiwan *Violate any other law of Taiwan*
6. Pamemeke ng dokumento o work permit *Falsification of document or work permit*

7. Pamamalagi sa Taiwan nang lampas sa naaprobahang panahon *Overstay beyond the approved employment period*

Pag-iingat ng Pasaporte ng Manggagawa
Custody of the Worker's Passport

Ilegal na itago ng employer ang pasaporte, ARC o pera nang walang pahintulot ng manggagawa. *It is illegal for the employer to keep the worker's passport, ARC or money without the worker's consent.*

Pagkatanggal sa Trabaho
Termination of Employment

Maaaring tanggalin sa trabaho ng employer ang Pilipinong manggagawa batay sa mga sumusunod na kondisyon: *A Filipino worker may be terminated by his employer under the following conditions:*

1. Pagkalugi o paghina, suspensiyon o paglipat ng negosyo ng employer. Kapag nangyari ito, dapat na mabigyan agad ng babala ng employer ang manggagawa. *Bankruptcy or contraction, suspension or transfer of business. The employer must, however, give due notice of such incidents in advance.*
2. Paggamit ng ipinagbabawal na gamot. *Using prohibited drugs.*
3. Pamemeke ng dokumento o pagsisinungaling

upang makakuha ng work permit. *Forging documents or committing perjury to obtain work permit.*

4. Pagnanakaw o pangungupit sa kompanya
Stealing or pilfering of company property.

Pagtakas/ Sobrang Pamamalagi/ Pagpapalit ng Pangalan *Runaway/Overstaying/Change Name*

Ituturing na runaway ang Pilipinong manggagawa kapag hindi siya nakabalik sa trabaho o pinagtatrabahuan sa loob ng 72 oras. Matapos mahuli at makulong, pauwiin na siya sa Pilipinas. *A Filipino contract worker who fails to return to his employer or place of employment within 72 hours is considered a runaway. If arrested and detained, the worker is processed for repatriation to the Philippines.*

May mga pagkakataong tumatakas o nagpapalit ng pangalan ang Pilipinong manggagawa kapag natapos na ang kanyang kontrata sa paggawa upang makapanatili sa Taiwan. *Sometimes a Filipino contract worker who wants to remain in Taiwan even after the expiration of his employment contract run away or assume a different name.*

**Mga Multang Ipinapataw ng Imigrasyon sa
Sobrang Pamamalagi sa Taiwan *Immigration
Penalties Regarding Overstaying in Taiwan***

1. hindi umabot ng sampung (10) araw *less than ten (10) days* – NT\$1,000.00
2. 11-30 araw *days* – NT\$3,000.00
3. 30-90 araw *days*- NT\$5,000.00
4. higit 90 araw *over 90 days*- NT\$10,000.00

Pagmamaltrato *Maltreatment*

Maaaring tukuyin ang mga sumusunod bilang pagmamaltrato at pang-aabuso ng employer sa manggagawa: *The following constitute maltreatment and abuse by employers:*

1. Palaging pinapagalitan nang walang sapat na dahilan. *Constant scolding without valid reasons.*
2. Minumura, pisikal at berbal na inaabuso *Use of foul language; verbal and physical abuse.*
3. Puwersahang pinagtatrabaho sa bukid, restawran o sa bahay ng mga kamag-anak ng employer. *Forced to work in the farm, restaurant or residences of relatives of employers.*
4. Hindi pagbabayad sa overtime. *Non-payment of overtime work.*

Kinakailangang maireport agad ang anumang

pagmamaltratong nararanasan ng Pilipinong manggagawa sa broker o sa CLA. Dapat ding maipabatid ito sa MECO. *Any act of maltreatment to a Filipino worker should be reported immediately to the broker or to the CLA. MECO also should be informed.*

Pagbabayad ng Buwis *Tax Payment*

Ang mga dayuhang manggagawa ay kailangang magbayad ng buwis batay sa progressive o papataas na rate mula 6% hanggang 40% ng susunod na binubuwisang kita sa kasalukuyang taon. Kasama sa binubuwisang kita ang sahod, bonus, interes at iba pang kita sa Taiwan. Hindi na binabayaran ng buwis ang kinita sa overtime na hindi lampas sa 46 oras na pagtatrabaho. Maaari ding magkaroon ng mga exemption at deduction ang mga nagbabayad ng buwis. Maaaring makakuha ng personal exemption at deduction ang sinuman kung makapagpapakita sila ng kinakailangang dokumento tulad ng sertipiko ng kasal at ng kapanganakan na patotohanan ng Taipei Economic and Cultural Office na nasa Pilipinas. *Foreign workers have to pay tax based on a progressive rate from 6% to 40% of the net taxable income earned during the current year. Taxable income includes salaries and bonuses, interests and other income earned in Taiwan. Overtime pay for up to 46*

hours overtime work per month is tax exempt. Tax payers are also entitled to exemptions and deductions. They can claim certain personal exemptions and deductions provided they are able to present the required documents like marriage and birth certificates that should be authenticated by the Taipei Economic and Cultural Office in the Philippines.

Kung nakapagtrabaho na kayo ng mahigit sa 183 araw sa Taiwan sa loob ng isang taon, ituturing na kayong “residente” at papatawan ng 6%-10% buwis ang inyong binubuwisang kita. Kung kulang sa 183 araw ang ipinagtrabaho ninyo sa Taiwan sa loob ng isang taon, kailangan ninyong magbayad ng buwis ng isang “di-residente” na nagkakahalaga ng 20% ng inyong binubuwisang kita. *If you worked in Taiwan for more than 183 days within a given year, then you shall considered a “resident” and shall be taxed 6% to 10% of your taxable income. If you worked for less than 183 days within a given year, you shall be paying the tax of a “non-resident” which is equivalent to 20% of the taxable income.*

Isinasauling Buwis *Income Tax Refund*

Nagsasauli ng buwis ang Tax Bureau sa mga manggagawa kung lumampas sa nakuwentang buwis na dapat bayaran sa taong iyon ang

kabuuang buwis na kinaltas mula sa kanyang sahod at remittance. Maaaring makuha ang tseke ng refund, tatlo hanggang anim na buwan matapos itong ipaproseso. Maaaring bigyang awtorisasyon ng taxpayer ang pinagkakatiwalaan niyang tao upang kunin ang tseke ng refund kung wala na siya sa Taiwan. Makakakuha ng proxy statement form para sa ganitong transaksyon sa Tax Bureau at sa MECO. *Refunds are issued to taxpayers if the total tax that was withheld from their salaries and remitted to the Tax Bureau during the year exceeds the tax which was calculated at the end of the year. Refund checks are issued three to six months after the filing of income tax returns. The taxpayer can authorize someone else to claim the refund check if he is no longer in Taiwan. Proxy statement forms are available at the Tax Bureau and at MECO.*

Labor Insurance *Labor Insurance*

Kung kinuha ang dayuhang manggagawa sa negosyong may lima o higit pang manggagawa, kinakailangang magkaroon siya ng labor insurance na kinuha at babayaran kada buwan ng kanyang employer. *If a foreign worker is hired by a business that employs more than five people, he should receive labor insurance from and paid for by the employer or some other organization.*

Maaaring hindi ikuha ng labor insurance ang mga dayuhang domestic helper na nagtatrabaho sa isang indibidwal, ngunit maaari namang ibigay ito sa kanya kung nanaisin ng employer. *Foreign domestic helpers working for an individual are not entitled to labor insurance. Such insurance, however, may be given on a voluntary basis.*

Medical Insurance *Medical Insurance*

Dapat na nasasaklaw ng National Health Insurance ang lahat ng dayuhang manggagawang mayroong ARC. *All foreign workers who are holders of ARC must be covered by National Health Insurance.*

Social Security *Social Security*

Naglalaan ng benepisyo, pangangalaga sa katandaan, pagkainutil, pagkakasakit, pagbubuntis, at kapinsalaan dulot ng trabaho ang social welfare program ng Taiwan. Natutustusan ang programa mula sa kontribusyong nagmumula sa mga employer. *Taiwan's social welfare programs, which are financed primarily through employer contributions, provide benefits or hospital care for old age, disability, sickness, maternity and work injury.*

Pagkuha ng Benepisyo sa Pagkamatay ng Kapamilya sa Pilipinas *Death Benefit Claim on Family Member Who Died in the Philippines*

Mga kahingiang dapat tugunan upang makakuha ng benepisyo sa pagkamatay ng kapamilya sa Pilipinas: *Requirements needed for Filipino contract workers to claim death benefits on family members who died in the Philippines:*

1. Sagutan nang kompleto ang application form. *Fill up application form completely.*
2. Ipa-photocopy ang pasaporte at ARC, paselyohan ito na binigyang-pansin ng MECO Taipei. Gawan ito ng isa pang kopya. *Photocopy passport and ARC, stamped seen and noted by MECO Taipei. Make one photocopy.*
3. Kumuha ng death certificate ng kapamilyang namatay sa National Statistics Office na pinatotohanan ng Office of the President at ng Department of Foreign Affairs. Magpa-photocopy ng tatlong kopya. Ipa-photocopy din ang mga identification card tulad ng Senior Citizen Card, SSS/TIN Card, Voters Affidavit o ID Card, Postal Identity Card, at iba pa ng namatay na kapamilya. *Secure Death Certificate of the deceased family member from the National Statistics Office authenticated by the Office of the President and the Department of Foreign*

Affairs. Photocopy 3 sets. Photocopy of deceased identification card such as Senior Citizen Card, SSS/TIN Card, Voters Affidavit or ID Card, Postal Identity Card, etc.

4. Isama rin ang birth certificate ng OFW na nagmula sa National Statistics Office na pinatotohanan din ng Office of the President at ng Department of Foreign Affairs. Magpa-photocopy ng tatlong kopya. (Tala: Para sa mga nahuli sa pagpaparehistro ng birth certificate, isama din ang school record, SSS/TIN Card, baptismal certificate, at iba pa.). *Submit birth certificate of the OFW secured from the National Statistics Office authenticated by the Office of the President and the Department of Foreign Affairs. Photocopy 3 sets. (Note: For Late Registered Birth Certificate, also affix school records, SSS/TIN Card, Baptismal Certificate, etc.).*

5. Photocopy ng kontrata ng pagtatrabaho ng OFW. *Photocopy of employment contract of the OFW.*

6. Photocopy ng marriage contract ng OFW. *Photocopy of Marriage Contract of the OFW.*

7. Dalawang kopya ng marriage contract ng magulang ng OFW mula sa National Statistics Office. Magpa-photocopy ng 2 kopya. *Marriage Contract of parents of the OFW secured from the National Statistics Office. Photocopy 2 sets.*

Ikalawang Bahagi *Part II*

**Ang dapat malaman ng mga
dayuhang manggagawa sa Taiwan
*What foreign workers in Taiwan need to
know***

「外籍勞工在臺工作須知」

Published by
Employment and Vocational Training Administration
Council of Labor Affairs Executive Yuan
September 2005
行政院勞工委員會職業訓練局
九十三年九月編印

Ang dapat malaman ng mga dayuhang manggagawa sa Taiwan *What foreign workers in Taiwan need to know* 「外籍勞工在臺工作須知」

Upang maprotektahan ang inyong karapatan bilang manggagawa sa Taiwan, mangyaring hingin ninyo ang tulong ng inyong employer sa pagpoproseso ng mga sumusunod na kahingian na ipinaliliwanag sa ibaba halimbawa nito ay ang eksaminasyong medikal, pag-uulat ng resultang medikal, employment permit, extension permit, atbp. Ipaalam din sa inyong employer ang mga petsa at numero ng pag-aproba ng bawat item. Lagi ring panatilihin ang handbook na ito sa inyo. *To protect your rights as a worker in Taiwan, please request the assistance of your employer in processing the following matters as explained below i.e. medical examination, reporting of medical results, employment permit, extension permits, etc. Also confirm with your employer the dates and approval numbers of each item and keep this handbook with you.* 為保障您在台灣的工作權益，請您詳依下列說明，敦促您的雇主辦理健康檢查、健檢結果報備、聘僱許可、展延聘僱許可等相關事宜，並與雇主確認後，自行註記辦理健檢日期及相關聘僱許可函、健檢核備函之日期文號，妥善保留本手冊。

Personal Data 您個人基本資料：

(Name)姓名：_____
(Nationality)國籍別：_____(Sex)性別：_____
(Date of Birth)出生日：__(Mo)月__(Day)日__(Year)年
(Passport No.)護照號碼：_____
(Date of Arrival)入國日期：__(Mo)月__(Day)日__(Year)年

Pagpoproseso ng employment permit pagkarating sa Taiwan *Processing of Employment Permit after Arrival* 入國後辦理聘僱許可事宜

1. Kinakailangang iproseso ng nakapasa sa eksaminasyong medikal ang kanilang Alien Residence Certificate (ARC) at employment permit sa loob ng 15 araw pagkarating sa Taiwan. *If you pass your medical examination, make sure your Alien Resident Certificate (ARC) and Work Permit are processed within 15 days after your date of arrival.* 健檢合格者，須入國後十五日內辦理外僑居留證及聘僱許可。(Validity of Work Permit)(聘僱許可期間)：__(Mo)月__(Day)日__(Year)年 until 至__(Mo)月__(Day)日__(Year)年 Approval Letter 聘僱許可文號：__(Mo)月__(Day)日__(Year)年 No. 第____號函)

2. Iproseso ang aplikasyon para sa ekstensiyon ng employment permit sa loob ng 60 araw bago ang pagtatapos ng ikalawang taon pagkarating sa Taiwan. *The extension of the Work Permit should be processed within 60 days before the expiration.* 入國工作後二年期滿到期日之前六十日內，應辦理展延聘僱許可。

Approved extended period of employment (展延聘僱許可期間：____(Mo)月____(Day)日____(Year)年 until 至____(Mo)月____(Day)日____(Year)年 Approval No. 展延聘僱許可文號：____(Mo)月____(Day)日____(Year)年 No.第____號)

3. Kung nagtatrabaho kayo sa isang malakihang konstruksiyon at espesyalista sa inyong larangan, maaaring mag-apply ang inyong employer para sa ekstensiyon ng inyong kontrata sa loob ng 60 araw bago ang pagtatapos nito. Hanggang anim na buwan lamang ang maaaring itagal ng ekstensiyon. *If you are working on a very important and special construction project, your employer could apply for a contract re-extension within 60 days before its expiration. However, the re-extension shall only have a maximum of 6 months.* 如您從事重大工程工作而屬特殊情形者，您的雇主可以再申請展延，應於展延期限屆滿前六十日內，辦理再展延聘僱許可，最長以六個月為限。Validity period of extended

work permit (再展延聘僱許可期間：____(Mo)月
(Day)日____年(Year) until 至____(Mo)月____(Day)
日____Year年 Approval Letter No. and Date 再展延聘
僱許可文號：____(Mo)月____(Day)日____Year年 No.
第____號)

4. Para sa mga manggagawang lumipat sa bagong employer, mangyaring sabihan ang inyong employer na iproseso ang permit para sa paglipat ng pinagtatrabahuhan. *In case you need to be transferred to a new employer, please advise your new employer to process the permit for employment transfer.* 如您發生轉換由新雇主接續聘僱者，請敦促新雇主應辦理接續聘僱許可。Permit validity for transfer of employer (接續聘僱許可期間：____(Mo)月 (Day)日____Year年 until 至____(Mo)月____(Day)日____Year年新 Approval letter date and no 雇主接續聘僱許可文號：____(Mo)月____(Day)日____Year年 No.第____號)

Pagpoproseso ng eksaminasyong medikal at pagrereport sa mga awtoridad pangkalusugan pagkarating sa Taiwan *Post Arrival Medical Examination Process and Reporting* 入國後辦理健康檢查及報備事宜

1. Mangyaring iproseso ang eksaminasyong medikal sa loob ng tatlong araw pagkarating sa

Taiwan. Please undergo your first Medical Examination within 3 days upon arrival: 入國後三日內須辦理健康檢查：__(Mo)月__(Day)日____(Year)年

2. Sumailalim sa pangalawang eksaminasyong medical 30 araw bago matapos o makumpleto ang ika-6 na buwan ng pagtatrabaho mula pagdating; at ipagbigay alam ang resulta sa mga autoridad pangkalusugan. Undergo your second medical examination 30 days prior to or following the completion of your 6th month of work upon arrival; and report the results to the health authorities: 入國工作滿六個月之日前後三十日內，健檢及健檢結果報備：(Mo)月__(Day)日____(Year)年 Medical Clearance (健檢核備函文號：__(Mo)月__(Day)日____(Year)年第 Permit No. _____號函)

3. Sumailalim sa pangatlong eksaminasyong medical 30 araw bago matapos o makumpleto ang ika-18 buwan ng pagtatrabaho mula pagdating at ipagbigay alam ang resulta sa mga autoridad pangkalusugan. Undergo your third medical examination 30 days prior to or following the completion of your 18th month of work from your date of arrival and report the results to the health authorities. 入國工作滿十八個月之日前後三十日內，健檢及健檢結果報備：__(Mo)月__(Day)日____(Year)年 Medical Clearance (健檢核備函文號：__(Mo)月

(Day) 日 _____(Year) 年 第 Permit No.
號函)

4. Sumailalim sa pang-apat na eksaminasyong medikal 20 araw bago matapos o makumpleto ang ika-30 buwang pagtatrabaho mula pagdating at ipagbigay alam ang resulta sa mga autoridad pangkalusugan. *Undergo your fourth medical examination 20 days prior to or following the completion of your 30th month of work from your date of arrival and report the results to the health authorities.* 入國工作滿三十個月之日前後三十日內，健檢及健檢結果報備：____(Mo) 月 ____ (Day) 日 ____ (Year) 年 *Medical Clearance* (健檢核備函文號：____(Mo) 月 (Day) 日 _____(Year) 年 Permit 第 No. 號函)

Paalala Important Notice 應注意事項：

1. Para sa mga Pilipinong manggagawang hindi nakakuha ng ekstensiyon sa kanilang employment permit mula sa Council of Labor Affairs, Executive Yuan, kinakailangan ninyong lisanin ang Taiwan sa araw ng pagtatapos ng bisa ng permit. *If your employment permit has not been extended by the Council of Labor Affairs, Executive Yuan, you are required to leave the country before the expiration of your employment permit.* 您入國聘僱許

可期限屆滿，如未再經中華民國行政院勞工委員會核准展延者，您應於聘僱許可期限屆滿前離境。

2. Kinakailangang ayusin ng employer ang eksaminasyong medical 30 araw bago matapos o makumpleto ang ika-6, ika-18 at ika-30 na buwang pagtatrabaho mula ng pagdating. Ang resulta ay dapat ipagbigay alam sa mga awtoridad pangkalusugan sa loob ng 15 araw matapos itong ilabas. *Your employer should arrange for your medical examinations 30 days prior to or following the completion of your 6th month, 18th month, and 30th month of employment from your date of arrival. The medical results should be reported to the district health authorities within 15 days following their release.* 您入國工作滿六個月、十八個月及三十個月之日前後三十日內，雇主應為您安排辦理健康檢查事宜，並須於健檢後十五日內，將健檢結果報備當地衛生主管機關。

3. Ilegal na itago ng inyong mga employer ang inyong pasaporte, ARC, at pera. *It is illegal for employers to keep your passport, ARC and other belongings.* 您的雇主不得非法扣留或侵占您的護照、居留證或財物。

4. Mangyaring hilingin sa inyong employer na iproseso ang inyong ekstensiyon ng pamamalagi

